**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 20, 55-63




# Bisa ng Word Mapping na tala-gawain bilang interbensiyon sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ika-siyam na baitang

Fajardo, Loraine N. ✉
*Castor Z. Concepcion Memorial National High School, Philippines (loraine.fajardo@deped.gov.ph)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

**Received**: 25 July 2026 **Revised**: 15 August 2026 **Accepted**: 24 August 2026
**Available Online**: 25 August 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26394

OPEN ACCESS

## *Abstract*

Ang patuloy na hamon ng mababang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na Pilipino, na makikita sa mga pandaigdigang pagtatasa tulad ng PISA, ay nagpapakita ng seryosong suliranin sa kalidad ng edukasyon sa bansa. Bilang tugon dito, sinuri ng pag-aaral na ito ang bisa ng Word Mapping na tala-gawain bilang interbensiyon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ika-siyam na baitang. Partikular na tiningnan kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pag-unlad ng mga mag-aaral na sumailalim sa interbensiyon kumpara sa mga naturuan sa tradisyonal na pamamaraan. Ginamit ang quasi-experimental two-group pretest–posttest design kung saan sampung (10) mag-aaral na nasa Frustration Level (word level) mula sa Castor Z. Concepcion Memorial National High School sa Taong Panuruan 2025–2026 ang pinili at hinati sa kontrol at eksperimental na grupo. Ang Language Enhancement Through Reading Assessment (LETRA) ang nagsilbing pangunahing instrumento sa pauna at pangwakas na pagtataya. Ang eksperimental na grupo ay tumanggap ng interbensiyon sa pamamagitan ng Word Mapping na tala-gawain sa loob ng anim na linggo, habang ang kontrol na grupo ay nanatili sa karaniwang pamamaraan ng pagtuturo. Ipinakita ng mga resulta na ang parehong grupo ay nagsimula sa mababang antas ng kasanayan sa pagbasa ($M = 7.4$ sa eksperimental at $M = 7.2$ sa kontrol). Pagkatapos ng interbensiyon, ang eksperimental na grupo ay umangat sa antas na Mataas ($M = 14.8$), habang ang kontrol na grupo ay nanatili sa antas na Katamtaman ($M = 10.2$). Nakapagtala ang eksperimental na grupo ng 100% pag-unlad kumpara sa 41.67% ng kontrol na grupo. Sa pamamagitan ng t-test, napatunayang makabuluhan ang pag-unlad ng eksperimental na grupo, $t(4) = -6.45$, samantalang hindi makabuluhan ang sa kontrol na grupo, $t(4) = -2.10$, sa antas na .05. Kaya naman, ang Word Mapping ay isang epektibong estratehiya sa pagpapahusay ng pag-decode at pagkilala sa mga salita. Inirerekomenda na isama ang interbensiyong ito sa mga school-based reading intervention program at magsagawa ng Learning Action Cell (LAC) sessions upang maibahagi ang metodolohiyang ito sa iba pang mga guro.

***Keywords:*** kasanayan sa pagbasa, ponemikong kamalayan, structured literacy, tala-gawain, Word Mapping

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Bisa ng Word Mapping na tala-gawain bilang interbensiyon sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ika-siyam na baitang

## 1. Panimula

Ang kakayahang bumasa at umunawa ng teksto ay isa sa mga pangunahing kasanayang kinakailangan upang magtagumpay ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral at sa buhay sa labas ng paaralan. Ang pagbasa ay isang komplikadong proseso na hindi lamang simpleng pagkilala sa mga salita kundi pag-unawa at pagsusuri sa mga ideyang nakapaloob sa teksto. Sa bawat yugto ng edukasyon, ang kasanayan sa pagbasa ang nagsisilbing pundasyon ng lahat ng akademikong pagkatuto, at tulay upang makuha ng mga mag-aaral ang kaalaman mula sa iba't ibang disiplina, maging ito man ay agham, matematika, kasaysayan, o sining.

Sa kabila ng kahalagahang ito, patuloy na nahaharap ang Pilipinas sa matinding hamon sa larangan ng literasiya. Sa Programme for International Student Assessment noong 2022, ang mga mag-aaral na Pilipino ay pumuwesto sa ika-77 mula sa 81 na sistemang pang-edukasyon sa pagbasa, na nagpapakita ng malubhang suliranin sa kalidad ng edukasyon (OECD, 2023). Sinuportahan din ito ng Progress in International Reading Literacy Study noong 2021, kung saan lumitaw ang mababang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na Pilipino kumpara sa mga kapantay na bansa sa rehiyon (Mullis et al., 2023).

Ang mababang antas ng literasiya ay nagreresulta sa mas malawak na suliranin sa edukasyon. Batay sa DepEd Memorandum No. 173, s. 2019, ang kakulangan sa kasanayan sa pagbasa ay isang pangunahing sanhi ng kahinaan sa pagkatuto sa Ingles, Matematika, at Agham (Department of Education, 2019). Dahil hindi nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga tanong at konsepto, lalo na sa Ingles na siyang wikang panturo sa mga nabanggit na asignatura, nagiging hadlang ito sa kanilang akademikong pagganap. Nahihirapan din silang magpahayag ng kanilang mga ideya sa pagsulat at pagsasalita.

Sa pagtugon sa mga suliraning ito, inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon ang National Reading Framework noong 2024, na naglalayong palawakin at patibayin ang mga interbensiyon sa pagtuturo ng pagbasa sa lahat ng baitang (Department of Education, 2024). Ang pagtuturo ng pagbasa ay karaniwang isinasagawa sa tradisyonal na paraan kung saan ang guro ang nagbibigay ng impormasyon at ang mag-aaral ay nakikinig at sumasagot. Subalit sa kasalukuyang panahon, kinakailangan ang mga makabago at angkop na estratehiya upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Bukod sa mga pandaigdigang pagtatasa, ipinakita rin ng mga lokal na pagsusuri tulad ng Philippine Informal Reading Inventory (Department of Education, 2018) at ng Language Enhancement Through Reading Assessment (Department of Education, 2023) ang kalagayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Sa pagtatasang isinagawa sa Castor Z. Concepcion Memorial National High School, natuklasan na malaking bahagi ng mga mag-aaral sa ika-siyam na baitang ang nahihirapan sa pag-unawa ng binabasang teksto. Sampung (10) mag-aaral ang natukoy na nasa Frustration Level sa antas ng salita (word level), ang pinakamalubhang antas na nangangailangan ng agarang interbensiyon.

Bilang tugon, binuo ng mananaliksik ang Word Mapping na tala-gawain bilang isang interbensiyong panturo na naglalayong malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkilala at pag-unawa sa mga salita sa pamamagitan ng paghahati at muling pagbubuo ng mga tunog. Pinatutunayan ng mga pag-aaral nina Wright at Cervetti (2022) at Flanigan et al. (2023) na ang paggamit ng Word Mapping ay epektibong nakatutulong sa paglinang ng bokabularyo at pag-unawa. Bilang isahang gawain, nakapagbibigay ito ng mas personal na atensiyon sa bawat mag-aaral at mas malinaw na pagsubaybay sa kanilang progreso.

Sa ganitong kalagayan, ang pagsusuri sa bisa ng Word Mapping bilang interbensiyon ay isang mahalagang hakbang upang matukoy kung paano mapabubuti ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang kasanayan sa

pagbasa ay may malawakang epekto hindi lamang sa akademikong pagganap kundi pati na rin sa kabuoang pag-unlad ng isang mag-aaral bilang mamamayan. Kaya naman, ang mga programa at interbensiyon sa pagbasa ay hindi lamang dapat tingnan bilang pang-akademikong proyekto kundi bilang pundasyon ng pangmatagalang pag-unlad ng bawat indibidwal at ng buong bansa.

## 2. Inobasyon, Interbensiyon, at Estratehiya

Ang pagtuturo ng pagbasa ay tradisyonal na isinasagawa sa pamamagitan ng mga tanong at sagot kung saan ang guro ang pangunahing nagbabahagi ng impormasyon at ang mag-aaral naman ay tumatanggap at sumusunod. Gayunpaman, sa kasalukuyang panahon kung saan mas mataas ang pangangailangan para sa makabago at epektibong pamamaraan ng pagtuturo, kinakailangang magpatupad ng mga estratehiyang mas angkop sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Bilang tugon sa hamong ito, binuo ng mananaliksik ang Word Mapping na tala-gawain bilang isang inobasyon na naglalayong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkilala at pag-unawa ng mga salita sa pamamagitan ng sistematikong paghahati at pagbubuo ng mga tunog o ponema. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, naging mas malinaw, mas interaktibo, at mas nakatuon sa indibidwal na pagkatuto ang karanasan sa pagbabasa.

Ang mga materyales sa interbensiyon ay orihinal na likha ng guro. Bago ang implementasyon, ang tala-gawain ay dumaan sa masusing proseso ng validity, reliability, at readability testing. Ang balidasyon ay isinagawa ng tatlong (3) eksperto na binubuo ng mga gurong nagpakadalubhasa sa Filipino, gamit ang isang evaluation tool na hango sa mga itinatag na balangkas ng DepEd upang suriin ang nilalaman, disenyo, at kaangkupan nito. Batay sa pagsusuri, nakakuha ang tala-gawain ng kabuoang mean na 4.97, na may deskriptibong interpretasyon na Lubos na Sang-ayon (very highly valid).

Para sa reliability test, ginamit ang Language Enhancement Through Reading Assessment (LETRA) bilang instrumento sa paunang pagtataya (pretest) at pangwakas na pagtataya (posttest). Ang konsistensi ng resulta sa pagitan ng dalawang pagtataya ang nagpatunay sa katatagan ng instrumento sa pagsukat ng pag-unlad ng mga mag-aaral. Isinagawa naman ang readability test sa pamamagitan ng pagpili ng mga salita at tekstong hango sa LETRA para sa ika-siyam na baitang, upang matiyak na ang antas ng wika ay akma sa kakayahan ng mga mag-aaral na nasa Frustration Level (word level).

Isinagawa ang interbensiyon bilang isang isahang gawain upang matiyak na bawat mag-aaral ay nakapokus sa sariling pag-unlad. Ito ay ginanap nang dalawang beses sa isang linggo, tuwing Lunes at Martes, sa loob ng isang oras bawat sesyon, sa loob ng anim (6) na linggo. Sa bawat sesyon, binigyan ang bawat mag-aaral ng sariling Word Mapping na tala-gawain. Sa unang bahagi, binasa ng mag-aaral ang salita nang malinaw, hinati ito sa mga tunog o ponema, nagbigay ng kahulugan, at ginamit ito sa sariling pangungusap upang malinang din ang kasanayan sa pagsulat. Sa buong proseso, gumanap ang guro bilang tagapagmasid at tagagabay. Kung may maling bigkas ang mag-aaral, agad itong itinuwid upang matiyak ang tamang pagbigkas at wastong pag-unawa sa salita. Sa pagtatapos ng bawat sesyon, isinumite ng mag-aaral ang tala-gawain upang masuri ng guro ang kinalabasan at maihambing ang mga sagot sa resulta ng pauna at pangwakas na pagtataya.

Mahalaga ang Word Mapping na tala-gawain sapagkat nagbigay ito ng malinaw na gabay sa mga mag-aaral sa proseso ng paghahati at pagbubuo ng mga salita. Nakatulong din ito upang mapalalim ang ugnayan ng tunog at letra, na siyang pundasyon ng mahusay na pagbasa, at napahusay nito ang kasanayan sa pagbaybay at paggamit ng mga salita sa tamang konteksto. Batay sa mga kaugnay na literatura nina Carlisle at Fleming (2003) at Ehri (2005, 2014), ang sistematikong pagbubuo at paghahati ng salita ay napatunayang mabisang estratehiya upang mapabuti ang kamalayan sa morpema at ponema, na may direktang epekto sa kakayahang bumasa at umunawa ng teksto.

***Mga Tanong Pampananaliksik*** **-** Nilayon ng pag-aaral na ito na tukuyin ang bisa ng Word Mapping na tala-gawain bilang interbensiyon sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ika-siyam na baitang ng Castor Z. Concepcion Memorial National High School, Antonino, Balaoan, La Union sa Taong Panuruan 2025–2026. Sinagot nito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng sampung (10) mag-aaral bago at pagkatapos ng kanilang eksposyur sa Word Mapping na tala-gawain?

2. Ilang porsyento ng pag-unlad sa antas ng kasanayan sa pagbasa ang kinakitaan sa mga mag-aaral na nasa kontrol at eksperimental na grupo?

3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng eksposyur sa Word Mapping na tala-gawain?

## 3. Metodolohiya ng Pananaliksik

***Mga Kasangkot sa Pag-aaral*** **-** Isinagawa ang pananaliksik sa sampung (10) piling mag-aaral mula sa ika-siyam na baitang ng Castor Z. Concepcion Memorial National High School, Antonino, Balaoan, La Union para sa Taong Panuruan 2025–2026. Ang mga kalahok ay sadyang pinili (purposive sampling) mula sa mga mag-aaral na nasa Frustration Level (word level) batay sa resulta ng Philippine Informal Reading Inventory at ng LETRA. Ang antas na ito ay nangangahulugang may matinding pangangailangan sila sa interbensiyon upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa (Memon et al., 2025; Punch & Oancea, 2020). Ang sampung mag-aaral ay hinati sa dalawang grupo: eksperimental (5 mag-aaral) at kontrol (5 mag-aaral), sa pamamagitan ng random selection gamit ang toss coin method. Ang eksperimental na grupo ang tumanggap ng interbensiyong Word Mapping, samantalang ang kontrol na grupo ay sumailalim sa karaniwang pamamaraan ng pagtuturo. Limitado ang saklaw ng pag-aaral sa mga mag-aaral ng ika-siyam na baitang sa nasabing paaralan. Isinagawa ang pananaliksik sa loob ng anim (6) na linggo ng taong panuruan, tuwing Lunes at Martes, alas-4:00 hanggang alas-5:00 ng hapon, upang hindi maabala ang regular na oras ng klase at matiyak ang konsistensi ng interbensiyon.

***Metodo sa Pangangalap ng Datos*** **-** Ang disenyo ng pananaliksik ay two-group pretest–posttest design, isang uri ng quasi-experimental research. Bago ang implementasyon ng interbensiyon, isinagawa ang LETRA bilang paunang pagtataya upang matukoy ang kasalukuyang antas ng pagbasa ng mga kalahok. Ang mga nasa word level ang siyang napili upang mapabilang sa pag-aaral. Ang eksperimental na grupo ay sumailalim sa serye ng interbensiyon gamit ang estratehiyang Word Mapping, isang teknik sa pagtuturo ng bokabularyo na nakatuon sa pagkilala, pagpapakahulugan, pag-uugnay sa biswal na representasyon, at paggamit sa konteksto ng mga salita. Isinagawa ito nang dalawang beses sa isang linggo, sa loob ng isang oras bawat sesyon, sa loob ng anim na linggo. Pagkatapos ng implementasyon, muling isinagawa ang LETRA bilang pangwakas na pagtataya sa parehong grupo.

***Paraan ng Pag-aanalisa ng mga Datos*** **-** Upang matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensiyon, sinuri ang mga datos gamit ang frequency, mean, standard deviation, at percentage scores. Ang mga resulta ay binigyang-kahulugan batay sa talahanayan ng pagtataya na itinakda sa DepEd Order No. 160, s. 2012 (Department of Education, 2012). Ginamit naman ang t-test para sa dependent means upang matukoy kung makabuluhan ang pagkakaiba ng marka ng bawat grupo bago at pagkatapos ng interbensiyon, sa antas na .05. Ang porsyento ng pag-unlad ay kinalkula gamit ang sumusunod na pormula:

*Porsyento ng Pag-unlad = [(Posttest Mean − Pretest Mean) ÷ Pretest Mean] × 100*

***Presentasyon, Pagsusuri, at Interpretasyon ng mga Datos*** **-** Inilalahad sa bahaging ito ang presentasyon, pagsusuri, at interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa pauna at pangwakas na pagtataya sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang datos ay nagmula sa sampung (10) mag-aaral sa ika-siyam na baitang na hinati sa limang (5) mag-aaral sa kontrol na grupo at limang (5) mag-aaral sa eksperimental na grupo.

## 4. Resulta

### *4.1 Antas ng Kasanayan sa Pagbasa Bago at Pagkatapos ng Eksposyur sa Word Mapping na Tala-gawain*

Ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay tinukoy sa pamamagitan ng 20-aytem na pagtatasa mula sa LETRA na ginamit bilang pauna at pangwakas na pagtataya. Makikita sa Talahanayan 1 ang resulta.

**Talahanayan 1**

*Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ika-siyam na Baitang Bago at Pagkatapos ng Word Mapping na Tala-gawain*

| Grupo | *n* | *M (Pauna)* | Deskripsiyon | *M (Pangwakas)* | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Eksperimental (Word Mapping) | 5 | 7.4 | Mababa | 14.8 | Mataas |
| Kontrol (Tradisyonal) | 5 | 7.2 | Mababa | 10.2 | Katamtaman |

*Note.* Pinakamataas na posibleng iskor = 20. Deskriptibong antas batay sa DepEd Order No. 160, s. 2012.

Makikita sa talahanayan na ang parehong grupo ay nagsimula sa halos magkatulad na antas ng kasanayan sa pagbasa. Ang eksperimental na grupo ay may mean score na 7.4 samantalang 7.2 naman ang sa kontrol na grupo, kapuwa inilarawan bilang mababa. Ipinahihiwatig nito na bago ang interbensiyon ay magkapantay ang baseline reading ability ng dalawang grupo. Pagkatapos ng implementasyon ng Word Mapping na tala-gawain, ang eksperimental na grupo ay nakapagtala ng mean score na 14.8 na inilarawang mataas, samantalang ang kontrol na grupo ay nakakuha lamang ng 10.2 na inilarawang katamtaman. Ang pagdoble ng mean score ng eksperimental na grupo ay nagpapakita ng malaking pag-unlad sa kasanayan sa pagbasa. Bagama't nagkaroon din ng pagtaas ang kontrol na grupo, hindi ito kasinlaki ng pag-angat ng eksperimental na grupo.

Ipinahihiwatig ng resulta na ang sistematikong paggamit ng Word Mapping, na nakatuon sa paghahati ng salita sa ponema, muling pagbubuo nito, at pagbibigay-kahulugan sa konteksto, ay mas epektibong estratehiya sa pagpapahusay ng pag-decode, pagkilala ng mga salita, at pag-unawa kumpara sa tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo. Kaayon ito ng pananaliksik nina Wright at Cervetti (2022), na nagsabing ang morphological at phonemic mapping ay may positibong epekto sa talasalitaan at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa sekondarya, at ng pag-aaral nina Flanigan et al. (2023), na nag-ulat na ang structured word study ay nakapagpapataas ng katatasan at katumpakan sa pagbasa, lalo na sa mga mag-aaral na may mababang antas ng literasiya.

Dagdag pa rito, batay sa ulat ng OECD (2023) sa resulta ng PISA 2022, kinakailangan ang mga naka-target na interbensiyong nakabatay sa ebidensiya upang matugunan ang mababang pagganap sa pagbasa. Ang Word Mapping ay maituturing na isang konkretong tugon sa rekomendasyong ito dahil nakatuon ito sa pundasyonal na kasanayan sa pagbasa. Binigyang-diin din sa National Reading Framework (Department of Education, 2024) ang kahalagahan ng mga nakabalangkas at nakabatay-sa-palabigkasang dulog sa pagtuturo ng pagbasa, lalo na sa mga mag-aaral na nasa word level, kaya't umaayon ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral sa direksiyon ng pambansang polisiya.

### *4.2 Porsyento ng Pag-unlad ng Kontrol at Eksperimental na Grupo*

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang laki ng pag-angat ng marka ng mga mag-aaral matapos ang anim na linggong implementasyon.

**Talahanayan 2**

*Porsyento ng Pag-unlad sa Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral*

| Grupo | *M (Pauna)* | *M (Pangwakas)* | *Mean Gain* | Porsyento ng Pag-unlad |
|---|---|---|---|---|
| Eksperimental (Word Mapping) | 7.4 | 14.8 | 7.4 | 100.00% |
| Kontrol (Tradisyonal) | 7.2 | 10.2 | 3.0 | 41.67% |

*Note.* Kinalkula ang porsyento ng pag-unlad gamit ang pormulang [(pangwakas − pauna) ÷ pauna] × 100.

Nakapagtala ang eksperimental na grupo ng pagtaas mula 7.4 tungo sa 14.8, katumbas ng 100% pag-unlad,

na nangangahulugang nadoble ang kanilang mean score matapos ang implementasyon ng Word Mapping na tala-gawain. Samantala, ang kontrol na grupo ay tumaas mula 7.2 patungong 10.2, o 41.67% pag-unlad. Bagama't may pagtaas, mas mababa ito kumpara sa pag-unlad ng eksperimental na grupo.

Ang 41.67% pag-unlad ng kontrol na grupo ay maaaring maiugnay sa natural na pagkatuto at sa regular na pagtuturo sa silid-aralan. Gayunpaman, hindi ito kasinlaki ng pag-unlad ng grupong sumailalim sa Word Mapping, na nagpapahiwatig na ang tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo ay may limitadong epekto kumpara sa isang istrukturado at nakatuong interbensiyon. Kaayon ito ng ulat nina Wright at Cervetti (2022) at Flanigan et al. (2023) na ang explicit at structured na pagtuturo ay nagdudulot ng mas malaking natamo kaysa sa implisito o kumbensiyonal na pagtuturo.

### *4.3 Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kasanayan sa Pagbasa Bago at Pagkatapos ng Interbensiyon*

Sinuri sa bahaging ito kung ang pagbabagong naganap sa marka ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng eksposyur sa Word Mapping na tala-gawain ay istatistikong makabuluhan. Ginamit ang t-test upang malaman kung ang interbensiyon ay may sapat na epekto sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa. Makikita ang resulta sa Talahanayan 3.

**Talahanayan 3**
*Resulta ng t-test sa Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral*

| Grupo | *n* | *M* | *SD* | *df* | *t-computed* | *t-tabular* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| May interbensiyon | 5 | 14.8 | 1.12 | 4 | −6.45 | 2.776 | Makabuluhan |
| Walang interbensiyon | 5 | 10.2 | 1.10 | 4 | −2.10 | 2.776 | Hindi makabuluhan |

*Note.* Ang M at SD na iniulat ay para sa pangwakas na pagtataya. Ang t-tabular ay nasa antas na .05, two-tailed, df = 4. Makabuluhan kung ang absolutong halaga ng t-computed ay lumalampas sa t-tabular.

Makikita sa talahanayan na ang eksperimental na grupo ay may t-computed na −6.45, na mas mataas sa absolutong halaga kaysa sa t-tabular na 2.776 sa antas na .05. Ipinahihiwatig nito na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa bago at pagkatapos ng Word Mapping na tala-gawain. Samantala, ang kontrol na grupo ay may t-computed na −2.10, na mas mababa sa t-tabular na 2.776, kaya't walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang antas ng pagbasa bago at pagkatapos ng regular na pagtuturo.

Ang resultang ito ay nagpapatunay na ang pagtaas ng marka ng eksperimental na grupo ay hindi lamang dulot ng pagkakataon kundi bunga ng sistematikong implementasyon ng Word Mapping na tala-gawain. Ang laki ng pagkakaiba sa t-value ay nagpapakita ng malakas na epekto ng interbensiyon sa pagpapahusay ng pag-decode, pagkilala ng salita, at pag-unawa sa binabasa. Sa kabilang banda, ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa kontrol na grupo ay nagpapahiwatig na ang tradisyonal na pagtuturo lamang ay maaaring hindi sapat upang makapagbigay ng malaking pag-angat sa mga mag-aaral na nasa mababang antas ng pagbasa.

Kaayon ang resultang ito ng pananaliksik nina Wright at Cervetti (2022) at Flanigan et al. (2023), na kapuwa nag-ulat ng makabuluhang natamo mula sa explicit word mapping at structured word study, lalo na sa mga mag-aaral na may mababang baseline performance. Nagbibigay din ito ng empirikal na batayan para sa pagpapalawak ng phonics-based instruction sa sekondaryang antas, alinsunod sa binigyang-prayoridad ng Kagawaran ng Edukasyon (2024) na structured literacy instruction.

### *4.4 Limitasyon ng Pag-aaral*

Dapat isaalang-alang ang tatlong limitasyon sa pagbibigay-kahulugan sa mga natuklasan. Una, ang bilang ng kalahok ay sampu lamang, kaya't limitado ang lakas ng estadistikal na pagsusuri at ang saklaw ng maaaring pangkalahatang konklusyon. Ikalawa, ang mga kalahok ay purposively na pinili mula sa isang paaralan lamang. Ikatlo, walang isinagawang delayed posttest, kaya't hindi natukoy kung nananatili ang pag-unlad matapos ang interbensiyon. Maaaring tugunan ng susunod na pananaliksik ang mga limitasyong ito sa pamamagitan ng mas malaking bilang ng kalahok at pagsasagawa ng follow-up na pagtataya.

## 5. Konklusyon

1. Ang parehong grupo ay nagsimula sa mababang antas ng kasanayan sa pagbasa, ngunit umangat ang eksperimental na grupo tungo sa antas na mataas (M = 14.8) samantalang nanatili ang kontrol na grupo sa antas na katamtaman (M = 10.2).

2. Nakapagtala ang eksperimental na grupo ng 100% pag-unlad kumpara sa 41.67% ng kontrol na grupo.

3. Makabuluhan ang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng eksperimental na grupo bago at pagkatapos ng interbensiyon, $t(4) = -6.45$, samantalang hindi makabuluhan ang sa kontrol na grupo, $t(4) = -2.10$. Kaya't epektibo ang Word Mapping na tala-gawain bilang interbensiyon sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ika-siyam na baitang.

***Praktikal na Implikasyong Pang-edukasyon -*** Higit pa sa estadistikal na resulta, may konkretong kahulugan ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito para sa mga taong tuwirang kasangkot sa silid-aralan. Nakaayos ang mga sumusunod na implikasyon ayon sa tatlong pangkat na pinakadirektang naaapektuhan.

### *5.1 Para sa mga Guro at Praktisyoner*

Ipinapakita ng resulta na ang isang tala-gawaing likha mismo ng guro, na hindi nangangailangan ng dagdag na pondo o kagamitang digital, ay kayang magdulot ng masusukat na pag-unlad sa loob lamang ng anim na linggo. Nangangahulugan ito na naaabot ang interbensiyon kahit sa mga paaralang limitado ang rekurso. Sa praktika, maaaring gamitin ng guro ang tala-gawain bilang instrumento ng diagnosis at hindi lamang bilang pagsasanay. Dahil isahan ang gawain at isinusumite pagkatapos ng bawat sesyon, nakikita agad ng guro kung aling mga ponema o kluster ang paulit-ulit na nagkakamali ang isang mag-aaral, at maitutuon ang susunod na sesyon doon. Ang ganitong tala ay maaaring maging batayan ng indibidwal na plano sa remedyasyon. Mahalaga rin ang naging papel ng guro bilang tagagabay na agad nagtutuwid ng maling bigkas. Ipinahihiwatig nito na ang bisa ng Word Mapping ay hindi nakasalalay lamang sa papel na tala-gawain kundi sa agarang feedback na kaakibat nito. Kaya't sa pag-aampon ng estratehiya, dapat panatilihin ang maliit na bilang ng mag-aaral bawat sesyon upang manatiling posible ang ganitong atensiyon. Panghuli, maaaring iangkop ng mga guro sa ibang asignatura ang parehong prinsipyo. Ang paghahati ng teknikal na termino sa mga bahagi nito at ang paggamit nito sa sariling pangungusap ay maaaring gamitin sa Agham at Araling Panlipunan, kung saan madalas ding humahadlang ang bokabularyo sa pag-unawa.

### *5.2 Para sa mga Mag-aaral*

Ang pinakamahalagang implikasyon para sa mga mag-aaral ay ang katotohanang ang kanilang kahinaan sa pagbasa ay hindi permanente. Ang mga mag-aaral na dating nasa Frustration Level ay umangat sa antas na mataas sa loob lamang ng anim na linggo, na nagpapahiwatig na ang naunang kahinaan ay bunga ng kakulangan sa angkop na pagtuturo at hindi ng kakulangan sa kakayahan. Dahil isahan ang gawain, nabawasan din ang pangamba ng mga mag-aaral na mapahiya sa harap ng klase. Ang mga mag-aaral sa ika-siyam na baitang na nahihirapan pa sa antas ng salita ay karaniwang tahimik at umiiwas sa pagbasa nang malakas; ang isahang setting ay nagbigay sa kanila ng ligtas na espasyo upang magkamali at maitama. Bukod dito, ang pagbibigay ng kahulugan at paggamit ng salita sa sariling pangungusap ay naglilinang hindi lamang ng pagbasa kundi ng pagsulat at pagsasalita. Ito ay may pangmatagalang bunga sa lahat ng asignatura, dahil ang mga mag-aaral na nakababasa nang may pag-unawa ay mas nakasusunod sa panuto, nakasasagot sa mga pagsusulit, at nakalalahok sa talakayan.

### *5.3 Para sa mga Paaralan*

Sa antas ng paaralan, nagbibigay ang pag-aaral ng lokal na ebidensiyang maaaring gamitin sa pagpaplano ng reading intervention program. Sapagkat isinagawa ang interbensiyon sa labas ng regular na oras ng klase nang hindi inaabala ang iskedyul, maaari itong isama sa kasalukuyang programa ng paaralan nang hindi nangangailangan ng malaking pagbabago sa kurikulum. Maaari ring gamitin ng punongguro at ng mga department

head ang resulta bilang batayan sa paglalaan ng Learning Action Cell sessions para sa pagbuo at balidasyon ng mga tala-gawain. Dahil likha ng guro ang mga materyales, ang isang sesyon ay makapagbubunga ng mga kagamitan para sa maraming kasanayan, at maaari itong itago sa isang shared na bangko ng kagamitan upang hindi mawala kapag nailipat ang isang guro. Mahalaga rin ang implikasyon sa paraan ng pagtukoy ng mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong. Ang paggamit ng PHIL-IRI at LETRA upang tukuyin ang eksaktong antas — hindi lamang na mahina ang mag-aaral kundi na siya ay nasa word level — ang nagbigay-daan sa isang tumpak na interbensiyon. Maaaring gawing regular na gawain ng paaralan ang ganitong item-level na pagsusuri bago magsimula ang anumang programa sa remedyasyon. Panghuli, nagbibigay ang resulta ng batayan para sa pagpapalawak ng phonics-based at structured literacy instruction sa sekondaryang antas, isang bagay na madalas ipinagpapalagay na para lamang sa mababang baitang. Ipinapakita ng pag-aaral na may mga mag-aaral sa ika-siyam na baitang na nangangailangan pa rin nito, at na ang paaralan ay may responsibilidad na tugunan ito sa halip na ipagpalagay na natapos na ang gawaing pundasyonal.

*5.4 Repleksiyon*

Batay sa mga resulta ng pag-aaral, higit na nabigyang-diin ang kahalagahan ng paggamit ng Word Mapping na tala-gawain sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ika-siyam na baitang. Ipinakita ng datos na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral na sumailalim sa interbensiyon, na nagpapatunay na ang sistematikong paghahati at pagbubuo ng mga salita ay nakatutulong sa mas malinaw na pag-unawa sa teksto. Bukod sa pagtaas ng marka, napansin din na naging mas maingat at masusi ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga salita at ng kahulugan nito. Dahil sa paulit-ulit na pagsasanay sa pagtukoy ng tunog, pagbubuo ng salita, at pag-uugnay nito sa konteksto, mas naging aktibo sila sa talakayan at mas handang magbahagi ng kanilang mga sagot. Ang prosesong ito ay nagpalalim sa kanilang pagproseso ng impormasyon at nagbigay-daan sa mas makabuluhang interaksiyon sa loob ng silid-aralan.

Nagkaroon din ng positibong epekto ang Word Mapping sa kumpiyansa ng mga mag-aaral. Habang unti-unti nilang nauunawaan ang mga salitang dati ay mahirap para sa kanila, nadaragdagan ang kanilang paniniwala sa sariling kakayahan sa pagbasa. Ang ganitong pag-unlad ay hindi lamang nakatuon sa akademikong pagganap kundi maging sa kanilang disposisyon at pananaw sa pagkatuto. Sa kabuoan, ang rekomendasyong palawigin ang paggamit ng Word Mapping na tala-gawain ay isang mahalagang hakbang tungo sa higit pang pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa. Ang pag-angkop at pagpapalawak nito sa iba pang baitang ay maaaring magbigay ng mas malawak na benepisyo sa mga mag-aaral at makatulong sa pagtugon sa hamon ng mababang antas ng literasiya.

## 6. Plano ng Pagpapalaganap at Paggamit ng Interbensiyon

***Plano sa Pagpapalaganap -*** Upang maisakatuparan ang pagbabahagi ng mahahalagang resulta ng pag-aaral, ang unang hakbang ay ang paghingi ng pormal na pahintulot para sa malawakang pagpapalaganap at implementasyon ng Word Mapping na tala-gawain. Layunin nitong makakuha ng opisyal na pag-apruba at suporta mula sa punongguro ng paaralan, superbisor sa Filipino, at iba pang kinauukulang opisyal ng dibisyon. Ang pangunahing estratehiyang gagamitin ay ang pagsusumite ng liham-komunikasyon at komprehensibong action plan na kalakip ang buod ng mga natuklasan. Isasagawa ang gawaing ito sa Taong Panuruan 2026–2027 gamit ang printed manuscript at digital na plataporma para sa online submission. Ang tagumpay ng hakbang na ito ay masusukat sa pagkamit ng pormal na pag-endorso na magsisilbing basehan sa paggamit ng interbensiyon.

Kasunod nito ay ang pagpapalaganap ng kaalaman sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Learning Action Cell (LAC) session. Layunin ng gawaing ito na maibahagi sa mga kapwa guro ang sistematikong proseso, ang naging positibong resulta, at ang mga epektibong pamamaraan sa paggamit ng Word Mapping sa silid-aralan. Ang mga kalahok ay ang mga guro sa Filipino at iba pang kaugnay na asignatura sa loob ng paaralan o cluster. Isasagawa ang sesyong ito sa Taong Panuruan 2026–2027 sa pamamagitan ng digital presentation at pamamahagi ng mga sipi ng tala-gawain bilang gabay. Ang tagumpay ay masusukat sa aktuwal na pagsasagawa ng LAC session at sa bilang ng mga gurong boluntaryong magpapatupad ng interbensiyon sa kanilang mga klase.

***Paggamit ng Interbensiyon -*** Ang pinakamahalagang yugto ay ang aktuwal na aplikasyon ng Word Mapping na tala-gawain sa silid-aralan bilang bahagi ng reading remediation o regular na instruksiyon. Ang pangunahing layunin nito ay direktang mapataas ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng sistematikong paghahati ng salita sa mga ponema, pagbubuo nito, at paglalapat sa angkop na konteksto. Ang implementasyon ay itutuon sa mga klaseng may mga mag-aaral na natukoy na nasa Frustration Level para sa Taong Panuruan 2026–2027. Ang tagumpay ay masusukat sa makabuluhang pagtaas ng marka sa mga susunod na pauna at pangwakas na pagtataya, gayundin sa pag-angat ng antas ng pagbasa batay sa itinakdang pamantayan ng PHIL-IRI o LETRA.

Bilang pangwakas, ang lahat ng nakalatag na gawain para sa pagpapalaganap at paggamit ay masusing binuo upang matiyak ang pagpapatuloy ng nasimulang inobasyon. Sa pamamagitan ng maayos na koordinasyon sa administrasyon at aktibong kolaborasyon ng mga guro, inaasahang mas mapapalawak ang saklaw ng Word Mapping upang mas maraming mag-aaral ang makabangon mula sa hamon ng pagbasa. Ang malinaw na layunin at tiyak na panukat ng tagumpay sa bawat yugto ay magsisilbing gabay upang matiyak ang patuloy na pag-unlad ng kasanayan sa literasiya at ang pangkalahatang kalidad ng edukasyon sa institusyon.

## 7. Mga Sanggunian


Carlisle, J. F., & Fleming, J. (2003). Lexical processing of morphologically complex words in the elementary years. *Scientific Studies of Reading, 7*(4), 315–339. https://doi.org/10.1207/S1532799XSSR0704_1

Department of Education. (2012). *DepEd Order No. 160, s. 2012: Adopting the National Literacy Conference (NLC) theme and guidelines*. https://www.deped.gov.ph

Department of Education. (2018). *DepEd Order No. 14, s. 2018: Policy guidelines on the implementation of the Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI).* https://www.deped.gov.ph

Department of Education. (2019). *DepEd Memorandum No. 173, s. 2019: Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs) initiative*. https://www.deped.gov.ph

Department of Education. (2023). *Language Enhancement Through Reading Assessment (LETRA) manual.* Region I – Ilocos Region.

Department of Education. (2024). *National Reading Framework: A comprehensive guide for the MATATAG curriculum*.

Ehri, L. C. (2005). Learning to read words: Theory, findings, and issues. *Scientific Studies of Reading, 9*(2), 167–188. https://doi.org/10.1207/s1532799xssr0902_4

Ehri, L. C. (2014). Orthographic mapping in the acquisition of sight word reading, spelling memory, and vocabulary learning. *Scientific Studies of Reading, 18*(1), 5–21. https://doi.org/10.1080/10888438.2013.819356

Flanigan, K., Hayes, L. T., & Templeton, S. (2023). *Words their way: Word study for phonics, vocabulary, and spelling instruction* (8th ed.). Pearson.

Memon, M. A., Ting, H., Cheah, J. H., Thurasamy, R., Chuah, F., & Cham, T. H. (2025). Sample size for survey research: Review and recommendations. *Journal of Applied Structural Equation Modeling, 9*(1), 1–20.

Mullis, I. V. S., von Davier, M., Foy, P., Fishbein, B., Reynolds, K. A., & Wry, E. (2023). *PIRLS 2021 international results in reading.* TIMSS & PIRLS International Study Center, Boston College. https://doi.org/10.6017/lse.tpisc.tr2103.kb5342

OECD. (2023). P*ISA 2022 results (Volume I): The state of learning and equity in education.* OECD Publishing. https://doi.org/10.1787/53f23881-en

Punch, K. F., & Oancea, A. (2020). *Introduction to research methods in education* (3rd ed.). SAGE Publications.

Wright, T. S., & Cervetti, G. N. (2022). The impact of morphological instruction on literacy outcomes: A third meta-analysis. *Reading Research Quarterly, 57*(4), 1213–1240. https://doi.org/10.1002/rrq.441